



Gabay sa Business Diagnostics

Pag-diagnose at Pagbabawas ng Mga Panganib sa Kaligtasan at Kalusugan sa loob ng Mga Negosyo ng Kababaihan

Bersiyon: Enero 26, 2022

Pangunahing Audience

Mga kawani sa antas ng frontline at/o mga kalahok ng mga Aktor ng Pagbibigay ng Ekonomikong Kapangyarihan ng Kababaihan (Women's Economic Empowerment, WEE). Ang mga Aktor ng WEE ay mga entidad o indibidwal na sumusuporta sa pagpapaunlad o pagpapalawak ng mga negosyo ng kababaihan, nagbibigay ng kabuhayan o mga serbisyong pinansyal, at/o sumusuporta sa kababaihan (sa buong mundo) sa mga pagsisikap na pataasin ang kanilang access sa mga oportunidad sa ekonomiya, lalo na ang mga naninirahan sa papaunlad na ekonomiya.

Layunin

Alamin at pagaanin ang mga panganib sa kaligtasan at kalusugan sa loob ng mga negosyo ng kababaihan.

Mga Hangarin

Sa paggamit ng gabay na ito, ang mga kalahok na suportado ng mga Aktor ng WEE ay makikibahagi nang malaya o sa pamamagitan ng suporta ng antas ng frontline na kawani ng Aktor ng WEE para:

- Alamin ang mga panganib sa kaligtasan at kalusugan ng mga nasa hustong gulang at bata sa loob ng mga negosyo ng mga kalahok.
- Tukuyin ang mga posibleng diskarte sa pagpapagaan para sa bawat panganib na nalaman.
- Tukuyin ang mga posibleng mapagkukunan, suporta, o pagsasanay na kailangan para suportahan ang kalahok sa pagpapatupad ng diskarte sa pagpapagaan.
- Tanyahin ang isang timeline para sa pagpapatupad ng diskarte sa pagpapagaan.
- Bumuo ng isang paraan para sa pagsusuri o pagsubaybay sa pag-unlad.

PAGTATAKDA NG PUNDASYON
Unang Bahagi

PAGBUO NG ISTRUKTURA
Pangalawang Bahagi

PAGHIMOK SA MGA KALAHOK
Pangatlong Bahagi



Ibinibigay ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos ang pagpoondo sa ilalim ng kasunduan sa kooperatiba bilang IL-31469. Pinondohan ng mga pederal na pondo, sa kabuuang \$1,872,000 dolyar ang 100% ng kabuuang gastos ng proyekto o programa. Hindi kinakailangang sumasalamin sa mga pananaw o patakaran ng Departamento ng Paggawa ng Estados Unidos ang materyal na ito, ni nagpapahiwatig ng pag-endorso ng Pamahalaan ng Estados Unidos ang pagbanggit ng mga pangalan ng kalakalan, komersyal na produkto, o organisasyon.



Talaan ng mga Nilalaman

Tungkol sa Proyektong RICHES.....	3
Gabay sa kung Paano Gamitin ang Intra-Household na Dayalogo	5
Gabay na Mga Kagamitan sa Dayagnostiko ng Negosyo ng RICHES.	8
Kagamitan 1: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Antas ng Frontline na Kawani.....	8
Kagamitan 2: Dayagnostiko ng Panganib ng Kaligtasan at Kalusugan ng Negosyo para sa mga Negosyante.....	21
Kagamitan 3: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Mga Negosyante – Grapika Lamang	25
Kagamitan 4: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Mga Negosyante – Bersyong Digital.....	28
Mga Annex	30
Mga Karagdagang Mapagkukunan.....	30
Mga Acronym at Glosaryo ng Mga Termino	31
Mga Pagkilala	35



Tungkol sa Proyektong RICHES

Inaasahan ng iilan na ang mga pamumuhunan sa mga negosyo ng kababaihan ay nagpapataas ng panganib o insidente ng nakakapinsalang pagtatrabaho ng mga bata (child labor) o nakatatanda. Gayunpaman, [inihayag ng pananaliksik](#) na isinagawa ng proyektong *Reducing Incidence of Child Labor and Harmful Conditions of Work in Economic Strengthening Initiatives* (RICHES) na habang ang mga babaeng negosyante ay nagpupumilit na pamahalaan ang mga pasanin sa paggawa ng kanilang mga negosyo sa mga gawain sa bahay at walang bayad na trabaho sa pangangalaga, marami ang bumaling sa mga pinakamalapit sa kanila para humingi ng tulong—sa kanilang mga anak.

Ang Grameen Foundation, sa pakikipagtulungan sa American Bar Association Rule of Law Initiative at pinondohan ng the U.S. Department of Labor, Office of Child Labor, Forced Labor at Human Trafficking (OCFT), ay inilunsad ang proyektong RICHES na may layuning responsableng suportahan ang mga negosyo ng kababaihan, at mabawasan ang panganib ng mapaminsalang pagpapatrabaho sa mga bata at matatanda o ang paggamit ng iba pang negatibong diskarte. Para makamit ang layuning ito, bumuo ang RICHES ng isang toolkit para sa mga Aktor ng Women's Economic Empowerment (WEE) para bigyan sila ng mga praktikal na ideya at kagamitan para pagsamahin at tasahin ang proteksyon sa bata at mga kasanayan sa negosyo ng trabaho nila. Para sa mga layunin ng proyektong RICHES, ang mga Aktor ng WEE ay anumang entidad o indibidwal na sumusuporta sa pagpapaunlad o pagpapalawak ng mga negosyo ng kababaihan, nagbibigay ng kabuhayan o serbisyong pinansyal, at/o sumusuporta sa kababaihan (sa buong mundo) sa mga pagsisikap na pataasin ang kanilang pag-access sa mga oportunidad sa ekonomiya, lalo na ang mga naninirahan sa mga papaunlad na ekonomiya.

Isinaayos sa tatlong yugto ang RICHES toolkit (tingnan ang Larawan 1 sa ibaba).

Ang Yugto 1 ay kumakatawan sa isang **minimum na hanay ng mga kasanayan** at mga kaugnay na kagamitan na meron at magagamit ng lahat ng Aktor ng WEE para isulong ang proteksyon ng bata at ligtas at mabuting mga kasanayan sa negosyo sa loob ng mga inisyatiba at/o negosyo ng kababaihan. Sumasaklaw ang Yugto 1 sa:

1. Pagbuo ng kamalayan sa mga panganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata at kababaihan habang sumusuporta sa mga negosyo ng kababaihan o mga aktibidad ng WEE;
2. Pagsusuri ng mga panganib at pagtukoy sa mga sitwasyon ng nakakapinsalang pagtatrabaho ng mga bata at nakatatanda at kung paano lutasin ang mga isyung ito;
3. Inilalapat ang mga prinsipyo ng Do No Harm kapag bumubuo at/o nagpapatupad ng mga inisyatiba sa ekonomiya ng kababaihan; at
4. Inaalam kung saan pupunta para sa tulong at kung saan makakahanap ng mga mapagkukunan

Ang mga Yugto 2 at 3 ay nag-aalok ng mas komprehensibong diskarte sa proteksyon at kalusugan ng bata at ligtas na mga kasanayan sa negosyo sa pamamagitan ng pananaliksik sa merkado, pagsasanay at mga pagsusuri sa antas ng organisasyon, direktang pagsasanay ng kalahok, pagbuo ng produkto, at pagsubaybay at pagsusuri.



Larawan 1: RICHES Toolkit para sa mga Aktor ng WEE



Toolkit sa mga WEE Actor

PAGTATAKDA NG PUNDASYON Unang Bahagi

Magsimula dito: Gamitin ang mga tool na ito upang bumuo ng **antas ng pangangasiwa** ng kamalayan at pag-unawa sa mga risk sa organisasyon at programa ng mapaminsalang trabaho para sa mga kabataan at kababaihan.

- Making the Case Presentation
- Pag-aaral ng mga Panganib
- Social Performance Management (SPM) Guide (SPM Assessment Lang)
- Pagsasanay sa Pag-unawa sa Mapanganib na Trabaho (sa Pamamahala Lamang)
- Gabay sa Pagbuo ng mga Linkage (Listahan ng Pakikipag-ugnayan sa Pang-emergency at External na Suporta Lang)

-
- Gabay para sa mga Namumuhunan (sa Mga Namumuhunan Lang)

PAGBUO NG ISTRUKTURA Pangalawang Bahagi

Gamitin ang mga tool na ito upang magkaroon ng kamalayan sa **frontline staff-level** at bigyang-prioridad ang mga bago o pinahusay na produkto at serbisyo.

- Gabay sa Social Performance Management (SPM) (Lahat ng mga tool)
- Pagsasanay para sa Pag-unawa sa mga Mapaminsalang Trabaho (kasama ang Lahat ng Staff)
- Gabay sa Pananaliksik sa Market
- Gabay sa Mga Serbisyong Pinansyal
- Pagsasanay sa Pagdidisenyo

PAGHIMOK SA MGA KALAHOK Pangatlong Bahagi

Gamitin ang mga tool na ito upang magkaroon ng kamalayan sa **antas ng pakikilahok** at suportahan ang mga pangangailangan nila.

- Gabay sa Pagbuo ng mga Linkage (Lahat ng mga tool)
- Gabay sa Pagsusuri ng Negosyo (Papel + Digital na Bersyon)
- Gabay sa mga Pag-uusap sa Loob ng Tahanan
- Kurikulum ng Mapanganib na Negosyo (Papel + Digital na Bersyon)
- Gabay sa Monitoring and Evaluation

Para ma-access ang buong toolkit, kumonsulta <https://grameenfoundation.org/riches/>.



Gabay sa kung Paano Gamitin ang Intra-Household na Dayalogo

PAGTATAKDA NG PUNDASYON
Unang Bahagi

PAGBUO NG ISTRUKTURA
Pangalawang Bahagi

PAGHIMOK SA MGA KALAHOK
Pangatlong Bahagi

Ang Gabay sa Intra-Household ay dinisenyo para maging bahagi ng **Yugto 3: Isali ang mga Kalahok**.

Kasama sa gabay na ito ang apat na kagamitang dayagnostiko na pantulong at idinisenyo para sa mga babaeng negosyante na may dalawang antas ng literasiya. Ang Kagamitan 1, 2, at 4 ay nagpapalagay ng pangunahing literasiya habang ang Tool 3 ay puro grapika at maaaring gamitin sa mga kalahok na may limitadong literasiya:

- **Kagamitan 1: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Frontline na Kawani:** Ang kagamitang ito ay idinisenyo para magamit ng frontline na kawani ng WEE. Kinakailangan ang pangunahing literasiya. Kung mataas ang antas ng literasiya sa mga kalahok, maaari ring i-angkop ang kagamitang ito para magamit ng mga kalahok. Ang mga partikular na pagaangkop ay nakasaad sa loob ng mga tagubilin ng kagamitan.
- **Kagamitan 2: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Mga Negosyante:** Ang kagamitang ito ay idinisenyo para magamit ng mga kalahok. Ito ay isang pinasimpleng bersyon ng kagamitan ng Frontline na Kawani, at hindi kasama ang mga mungkahi para sa pagpapagaan o pag-alis ng mga panganib. Maaari itong gamitin kasabay ng, o ibahagi nang hiwalay sa, Kagamitan 1. Kinakailangan ang pangunahing literasiya.
- **Kagamitan 3: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Mga Negosyante – Grapika Lamang:** Ang kagamitang ito ay mula sa grapika na ibinahagi sa Kurikulum ng Mapanganib na Negosyo na ipinapatupad sa mga kalahok. Ang kagamitang ito ay maaaring gamitin bilang kapalit ng Kagamitan 2 o Kagamitan 3 sa mga kalahok na hindi marunong bumasa at sumulat para ipaalala sa kanila ang mga panganib na dapat nilang suriin sa kanilang mga negosyo. Maaari rin itong ibahagi bilang pandagdag sa Kagamitan 2 o 3, kung ninanais.
- **Kagamitan 4: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Mga Negosyante – Bersyong Digital:** Ang tool na ito ay nagbibigay ng web address para sa isang digital na kagamitan na mula sa Kagamitan 2. Ang kagamitang ito ay maaaring gamitin bilang kapalit ng Kagamitan 2. Bagama't ang kagamitang ito ay idinisenyo para sa mga kalahok, maaari rin itong gamitin ng mga frontline na manggagawa bilang tulong sa trabaho. Hindi ito idinisenyo para kumuha ng data sa mga indibidwal na kalahok. Kinakailangan ang pangunahing literasiya.

Bagama't HINDI saklaw sa Gabay na ito, mayroong isang bersyon ng Dayagnostiko ng Negosyo na sakop sa Kagamitan 6 ng [Gabay sa Pananaliksik ng Merkado ng RICHES](#) na idinisenyo bilang kagamitan sa pagkolekta ng data para tulungan ang mga Aktor ng Wee na mag-observa at mangolekta ng data sa kaligtasan ng negosyo at mga panganib sa kalusugan sa mga kalahok na negosyo para ipaalam ang mga programatikong desisyon.

Paglalarawan ng Proseso: Ang bawat kagamitan ay may sariling mga tagubilin para sa paggamit. Bago gamitin ang Dayagnostiko ng Negosyo sa gabay na ito, **lubos na pinapayuhan** na:

- Kumpletuhin ng **antas ng frontline na kawani** ang [Pag-unawa sa Mapanganib Trabaho ng RICHES](#)



Pagsasanay sa [Pagprotekta sa Mga Bata at Nakatatanda](#) para ang nilalamang sakop sa Dayagnostiko ay lubos na nauunawaan.

- Kukumpletuhin ng **mga kalahok** ang [Mapanganib na Negosyo ng RICHES: Kurikulum ng Gawing Ligtas ang Mga Negosyo para sa Lahat](#) Ang kurikulum ay nagsasanay sa mga kalahok na gumamit ng isang simpleng grapika ng isang kamay para masuri ang kanilang mga negosyo kasama ang limang nakakapinsalang uri ng mga panganib para sa mga nakatatanda at bata sa ating mga lugar ng trabaho: 1. Pisikal, 2. Kemikal, 3. Emosyonal, 4. Paglago at Pag-unlad, at 5. Edukasyonal. Ang acronym na BIPA, na nangangahulugang Warn, Isolate, Substitute and Eliminate (Balaan, Ihiwalay, Palitan at Tanggalin), ay ginagamit din para tulungan ang mga kalahok na pag-isipan ang mga diskarte para mabawasan ang nakakapinsalang trabaho para sa mga matatanda at bata.

Mga Pag-aangkop na Nalalapat para sa Lahat ng Mga Kagamitan sa Gabay na ito:

1. Ginagamit ng mga kagamitan sa Dayagnostiko ng Negosyo ang mga salitang "mga kalahok sa programa" o "mga kalahok" para ilarawan ang mga benepisyaryo ng isang tagapagbigay ng serbisyo o mga babaeng negosyante. Ang mga terminong ito ay maaaring palitan ng kliyente, benepisyaryo, negosyante, o iba pang makabuluhang salita bago ito punan.
2. Ang lahat ng mga gabay at materyales sa pagsasanay sa loob ng RICHES Toolkit ay idinisenyo para matiyak ang accessibility ng mga ito, lalo na para sa mga indibidwal na may iba't ibang kakayahan. Para sa kadahilanang ito, ang kagamitang ito ay binuo sa Microsoft Word, gamit ang hindi bababa sa 12-point na font, at ang mga grapika at talahanayan ay may label na may alternatibong teksto. Maaaring gustuhin mong isaayos ang mga sukat ng mga talahanayan para payagan ang pagtatala o ayusin ang laki ng font kung magpi-print para sa iyong partikular na paggamit.

Mga wika: Ang mga kagamitan sa Dayagnostiko ng Negosyo ay magagamit sa Ingles, Pilipino, Pranses, at Espanyol maliban kung iba ang nakasaad sa bawat indibidwal na paglalarawan ng kagamitan.

Mahahalagang Konsepto na Dapat Tandaan:

Pangkalahatang Prinsipyo: Kung ang isang bagay ay mapanganib para sa isang nakatatanda, mapanganib rin ito sa isang bata.

Ipinapalagay ng mga kagamitan sa gabay na ito na ang anumang panganib na natukoy para sa isang nasa nakatatanda ay gumagawa ng mas malaking panganib para sa mga bata dahil sila ay:

- mayroong mas manipis na balat kaya ang mga nakakalasang sangkap ay mas madaling nasisipsip;
- humihinga ng mas mabilis at mas malalim kaya mas marami silang nalalanghap na mga pathogen at alikabok sa hangin;
- ay mas madaling ma-dehydrate dahil mayroon silang mas malaking surface area ng katawan para sa bawat kilong timbang;
- mas madaling sumipsip at nagpapanatili ng mabibigat na metal (lead, mercury) sa utak na maaaring makagambala sa endocrine system—na gumaganap ng mahalagang papel sa paglaki at pag-unlad, humahadlang sa cognitive development, at nakakaapekto sa buong nervous system;
- gumamit ng mas maraming enerhiya sa paglaki kaya sila ay nasa mas mataas na panganib mula sa mga nakakain na lason;
- nangangailangan ng mas maraming tulog at pahinga para sa tamang pag-unlad;



- mayroong hindi pa gaanong nabuo na mga thermoregulatory system na nagiging mas sensitibo sa init at lamig;
- madalas na hindi alam ang kanilang mga karapatan bilang manggagawa at ang kanilang mga responsibilidad sa ibang mga manggagawa;
- mas malamang na hindi gaanong matukoy ang mga kahihinatnan ng kanilang mga aksyon at masuri ang mga panganib na nauugnay sa iba't ibang mga sitwasyon;
- mas madaling maapektuhan ng panlipunang panggigipit (social pressure);
- nag-aatubiling magsalita tungkol sa mga paghihirap na kinakaharap nila sa trabaho at malamang na walang kapangyarihan sa pakikipagnegosasyon;
- mas maliit kaysa sa karaniwang laki ng manggagawa—ang mga kasangkapan at kagamitang pangkaligtasan ay karaniwang idinisenyo para sa mga taong pisikal na mas malaki at mas malakas; at
- kulang sa mga kasanayan at karanasan sa trabaho para maunawaan ang mga panganib at peligro sa kalusugan at kaligtasan.

Maliban kung partikular na binanggit bilang nauugnay para sa mga bata lamang, lahat ng panganib na nakabalangkas sa gabay na ito ay gumagawa ng mga panganib para sa mga matatanda at bata.¹

¹ Mapagkukunan: [*The tripartite process of determining hazardous child labour - Guide for facilitators; Safety and Health of Young Workers*](#)



Yugto 3: Isali Ang Mga Kalahok

Gabay na Mga Kagamitan sa Dayagnostiko ng Negosyo ng RICHES.

Kagamitan 1: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Antas ng Frontline na Kawani

Paglalarawan ng Proseso: Ang tkagamitang ito ay idinisenyo para magamit ng mga frontline na kawani sa mga pagbisita sa lugar ng negosyo ng isang kalahok para makisali sa kanya sa isang nagtutulungang talakayan para matukoy ang mga panganib sa kaligtasan at kalusugan ng negosyo.

Mga Kailangang Materyales: Hindi bababa sa 1 kopya sa bawat negosyong binisita ang dapat na i-print bago ang pagbisita.

Mga Hakbang:

- **Hakbang 1:** Mag-iskedyul ng oras para makipagkita sa kalahok para matukoy ang kanilang kaligtasan sa negosyo at mga panganib sa kalusugan. Tandaan, dapat ay magtulungan sa prosesong ito at hindi dapat gamitin para ipahiya o parusahan ang kalahok. Ito ay nilalayong maging isang positibong karanasan, na nagreresulta sa isang plano ng aksyon na tiwala ang mga kalahok na makakamit nila.
- **Hakbang 2:** Suriin ang mga panganib sa kaligtasan at kalusugan ng negosyo gamit ang mga tanong na iniharap sa kagamitan. Markahan ng *X* sa hanay C kung may panganib.
- **Hakbang 3:** Para sa mga may panganib, tukuyin kung ang panganib ay itinuturing na *Seryoso (S)*, *Katamtaman (K)*, o *Mababa (M)*. Markahan ng *S*, *K*, o *M* sa hanay D. (Tingnan ang mga tagubilin sa kagamitan para sa kung paano pag-uuriin ang mga ito). **Tandaan ang Pangkalahatang Prinsipyo: Kung ang isang bagay ay mapanganib para sa isang nakatatanda, mapanganib rin ito sa isang bata.**
- **Hakbang 4:** Sa hanay E, magtulungang magdisenyo kasama ang kalahok at tandaan ang mga diskarte sa pagpapagaan na maaaring ipatupad. May mga iminungkahing aksyon na ibinigay para magbigay ng mga ideya ng mga posibleng diskarte sa pagpapagaan.
- **Hakbang 5:** Sa Plano ng Aksyon, idokumento ang hanggang tatlong priyoridad na aksyon na sinasang-ayunan ng frontline na kawani o kalahok, isang timeline at anumang pagsasanay o mapagkukunan na maaaring kailanganin mula sa organisasyon, at mga hakbang na maaaring gawin para masubaybayan/sukatin ang epekto ng napagkasunduang aksyon. (Ang mga item ng pagkilos na ito ay maaaring iakma para tumugma sa pangako ng organisasyon pati na rin ang mga magagamit na produkto o serbisyo na maaaring isulong/i-alok para suportahan ang kalahok. Halimbawa, ang isang tagapagbigay ng serbisyong pinansyal ay maaaring makapag-alok ng isang espesyal na produkto ng pautang para tumulong sa paggawa ng mga pagpapabuti sa kaligtasan).

Kailangang Oras: Tinatayang 30 minuto hanggang 1 oras bawat negosyo, kasama ang oras ng paghahanda/paglalakbay.

Mga Kailangang Pag-aangkop:



Gabay sa Business Diagnostics ng RICHES

1. Maaari mong tanggalin ang "Mga Mungkahi" na ibinigay sa hanay E para palakihin ang laki ng hilera para magbigay ng sapat na espasyo para sa pagtatala.
2. Kung mataas ang antas ng literasiya sa mga kalahok, maaari ring i-angkop ang kagamitang ito para magamit ng mga kalahok. Ang mga tagubilin ay kailangang baguhin para alisin ang sanggunian sa mga hakbang na gagawin ng isang frontline na kawani para maakit ang kalahok. Halimbawa, sa ilalim ng hakbang 1, ang *“Sa lugar ng negosyo ng kalahok, talakayin at obserbahan ang bawat isa sa mga panganib sa kaligtasan at markahan ng X kung ang panganib ay nakita o naroroon”* ay maaaring palitan ng *“Sa lugar ng negosyo, obserbahan ang bawat isa sa mga panganib sa kaligtasan at markahan ng X kung ang mga panganib ay nakita o naroroon.”*
3. Bago gamitin ang Dayagnostiko ng Negosyo, punan ang blangko para sa sumusunod na pahayag na makikita sa ibaba ng Dayagnostiko: *“Kung matukoy ang alinman sa mga kundisyong ito, agad na tugunan ang mga ito sa may-ari ng negosyo. Kung sa anumang oras ang isang bata ay nasa pisikal na panganib o nagpapakita ng mga senyales ng kawalan (hindi sapat na tulog, pagkain, pananamit), pananakot, o takot na hindi direktang matugunan sa may-ari ng negosyo, makipag-ugnayan sa: _____.* Kung ang Kagamitan 1: Listahan ng Pang-emerhensiyang Ugnayan mula sa [RICHES Linkages Guide](#) ay nakumpleto sa Yugto 1, ang numerong ito ay dapat magamit. Kung hindi, dapat kang magbigay ng numero ng telepono para sa isang entidad na maaaring tumulong kung ang sinumang bata ay matuklasang nasa agarang panganib, tulad ng pulisya o mga komite sa proteksyon ng bata.
4. Ang Dayagnostiko ng Negosyo na ito ay idinisenyo para maging pangkalahatan, na nalalapat sa anumang uri ng negosyo. Gayunpaman, kung may mga karaniwang negosyong pagmamay-ari ng mga kalahok na sinusuportahan ng Aktor ng WEE, maaaring magdagdag ng mga partikular na halimbawa sa Hanay B "Mga Alalahanin" at nauugnay na "Mga Mungkahi" sa Hanay E. [Ang mga partikular na publikasyon sa panganib sa trabaho](#) ay madalas i-highlight ang mga uri ng mga panganib sa isang manggagawa. Ang ilang mga halimbawa na maaaring naaayon sa mga negosyo ng kababaihan ay nakasaad sa ibaba:

- | | |
|---|--|
| 1. Panadero | 7. Mason |
| 2. Magsasaka, Pagawaan ng gatas | 8. Mekaniko, Sasakyan |
| 3. Manggagawa sa pagsasaka, Manukan | 9. Manggagawa, pananim sa bukid |
| 4. Diver, Katutubong Mangingisda | 10. Seaman/Seawoman, _____ (Merchant marine) |
| 5. Mga Salon ng Buhok o Kuko | 11. Pananahi |
| 6. Handler, Hayop | |

Ang mga negosyo kung saan maaaring magtrabaho ang mga bata, na ibinigay sa [Safe Work for Youth](#) kit na binuo ng ILO, ay nakatala sa ibaba.

- | | |
|--|--------------------------------------|
| 1. Pagkumpuni ng kotse | 6. Restawran |
| 2. Konstruksyon | 7. Maliit na pabrika |
| 3. Mga Kasuotan | 8. Tindahan |
| 4. Paglilinis ng hotel | 9. Paggawa ng kahoy |
| 5. Kasambahay | |



Gabay sa Business Diagnostics ng RICHES

Ang proyektong Promoting and Protecting the Interests of Children who Work (PPIC-Work) na ipinatupad sa Ehipto ay nagbigay din ng [mga panganib na partikular sa negosyo](#) para sa mga sumusunod na uri ng negosyo: Maliit na Workshop, Panaderya, Karpinterya, at Restawran.

Ang [Occupational Safety and Health Administration](#) (OSHA) ng USDOL ay nagbigay din ng mga pangunahing panganib para sa Mga Tindahang Retail/Groseri/Convenience Store, Serbisyo sa Pagkain/Fast Food, Pagpapanatili, Trabahong Opisina/Klerikal, Trabaho sa Labas, Konstruksyon at Agrikultura. Dahil ito ay nakabase sa US, maaaring hindi saklawin ng mga panganib ang lahat ng panganib na kinakaharap sa ibang mga konteksto.

Mga Nagtutulak sa Gastos sa Paggamit ng Kagamitan: Ang pangunahing tumutulak ng gastos mula sa paggamit ng kagamitang ito ay oras ng kawani para gumawa ng anumang mga adaptasyon, kung kinakailangan, at para bisitahin ang mga negosyong kalahok para magsagawa ng dayagnostiko. Bilang karagdagan, ang mga gastos para sa pag-print ng mga kagamitan, kung ang paggamit ng mga papel na kopya ay isang mahalagang pagsasaalang-alang.

Mga Panganib na Isasaalang-alang: Pag-iingat: Ang paggamit ng kagamitang ito ay hindi para maging parusa at dapat gamitin para mapadali ang pakikipag-usap sa kalahok para matukoy ang simple at mas kumplikadong mga pagpapabuti sa negosyo para mabawasan ang mga panganib ng pinsala sa lahat ng kasangkot (o naroroon) sa o sa negosyo. Ang paggamit ng kagamitang ito, kung hindi maayos na pinadali o pinakilala, ay maaaring maging sanhi para makaramdam ang isang kalahok ng konsiyensya tungkol sa isang sitwasyon na hindi madaling baguhin. Kung kaya, tiyaking nakumpleto ng mga frontline na kawani ang pagsasanay na [Pag-unawa sa Nakakapinsalang Trabaho ng RICHES](#) bago gamitin ang mga kagamitang ito sa mga kalahok. Kung maaari, ang karagdagang suportang pinansyal, tulad ng isang top-up na pautang o mga produkto ng pangako ng pagtitipid ay maaaring gamitin para makatulong na pondohan ang mga natukoy na pagpapabuti sa negosyo. Kapag ginamit kasabay ng [Mapanganib na Negosyo ng RICHES: Ang kurikulum na Gawing Ligtas Ang Negosyo Para sa Lahat](#) at mga Kagamitang 2, 3, o 4 na makikita sa gabay na ito na idinisenyo para direktang gamitin ng mga kalahok, ang isang positibong pakikipagtulungan sa kalahok ay maaaring itatag at magresulta sa pinabuting kaligtasan at kalusugan ng negosyo para sa kalahok, at higit sa lahat, ang kanyang mga anak o anak na naroroon o nagtatrabaho sa kanyang negosyo.

Mga wika: Ang gabay na ito ay magagamit sa Ingles, Pilipino, at Espanyol.



Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan

Antas ng frontline na Kawani: _____

Petsa: _____

Kalahok: _____

Uri ng Negosyong Nasuri: _____

Bilang ng mga bata (18 taon pababa) na naroroon: _____

Mga edad(tinanyta) ng mga bata: _____

Mga Tagubilin:

Hakbang 1: Sa lugar ng negosyo ng kalahok, talakayin at obserbahan ang bawat isa sa mga panganib sa kaligtasan na binanggit sa Hanay B, at sa Hanay C markahan ng **X** kung ang panganib ay nakita/naroroon.

Hakbang 2: Para sa lahat ng mga panganib na minarkahan ng **X** sa Hanay C, itala sa Hanay D ang **kaseryosohan**, o **prioridad ng pagkilos**, gamit ang mga sumusunod na paglalarawan at code:

- Seryoso (S): Maaaring magdulot ng kamatayan, panandalian o permanenteng kapansanan, at/o madalas na nararanasan (araw-araw/lingguhan)
- Katamtaman (K): Maaaring magdulot ng karamdaman, madalas na pananakit, at/o nangyayari nang hindi bababa sa isang beses o dalawang beses sa isang taon
- Mababa (M): Magagamot, pansamantalang kakulangan sa ginhawa, at/o madalang/bihirang mangyari

Hakbang 3: Talakayin kasama ng kalahok ang mga posibleng diskarte sa pagpapagaan para sa anumang mga panganib na natukoy at itala ang mga ito sa Hanay E. Tingnan ang PANGKALAHATANG PRINSIPYO sa kanan para sa mga diskarte. Ang bawat panganib sa ibaba ay nagbibigay din ng mga halimbawa ng mga diskarte sa pagpapagaan na maaaring isaalang-alang.

Hakbang 4: Kapag kumpleto na ang pagsusuri, suriin kung ilan

Pangkalahatang Prinsipyo para sa mga diskarte sa pagpapagaan:

Sa pagsasagawa ng mga hakbang sa pag-iwas at proteksyon, bumuo ng mga diskarte sa pagpapagaan at tugunan ang panganib gamit ang salitang **BIPA: Warn, Isolate, Substitute, Eliminate (Balaan, Ihiwalay, Palitan, Alisin)**.

Ang pagtanggap ay ang pinakapektibong diskarte, at ang babala tungkol sa mga panganib ay ang hindi pinakapektibong diskarte para matugunan ang mga panganib sa isang negosyo. Gamit ang isang halimbawa ng panganib ng "pagtatrabaho sa gabi," ang mga sample na diskarte ay ibinibigay sa mga panaklong.


BALAN: Makipag-usap tungkol sa, sanayin, at pangasiwaan ang mga nagtatrabaho o naroroon sa kanilang negosyo para maiwasan ang mga panganib (*Hal. Turuan ang mga manggagawa na magsuot ng madaling makita (maliwanag na kulay o reflective) na damit kapag nagsasagawa ng trabaho sa gabi; gumamit ng mga ilaw ng babala para bigyan ng higit na pansin ang mga pisikal na panganib sa gabi.*)

IHIWALAY: Maglagay ng distansya o iba pang hadlang sa pagitan ng mga manggagawa, kagamitan, o ilang partikular na lugar para maprotektahan ang mga manggagawa at ang iba pa mula sa mga panganib. (*Hal. Ang social distancing, paggamit ng personal na kagamitang pangkaligtasan (personal protective equipment, PPE) gaya ng guwantes at mask, paggamit ng gate, barikada, o tali para harangan ang access sa mga lugar na pinagtatrabahuhan na hindi pinangangasiwaan sa gabi.*)


PALITAN: Gumawa ng mga pagbabago sa mga tauhan, kagamitan, supply, proseso, o iba pang mga salik para mabawasan ang mga panganib sa negosyo



<p>sa mga panganib ang namarkahan ng "S". Dapat unahin ang mga ito, kasunod ang mga may "K" at pagkatapos ay "M." Bumuo ng plano ng aksyon kasama ang kalahok na isinasaalang-alang ang kakayahan ng kalahok na sakupin ang mga gastos ng mga diskarte sa pagpapagaan.</p>	<p><i>(Hal. Palitan ang mas mababa ng mas maliwanag na ilaw para mapabuti ang kakayahang makita sa mga lugar ng trabaho.)</i></p> <p>ALISIN: Ganap na tanggalin ang isang gawain o kundisyon sa trabaho; o pigilan ang isang partikular na tao, gaya ng isang bata, sa paggawa ng mapanganib na trabaho <i>(Hal. Tanggalin ang gawain sa gabi na ginagawa ng mga bata (karaniwan ay mula 8 p.m. hanggang 6 a.m.)</i></p>
--	---

Pagsusuri				Mga Rekomendasyon
A. Uri ng Panganib	B. Mga Alalahanin	C. X kung oo	D. Kung oo, Prayoridad na aksyon: Seryoso (S), Katamtaman (K), Mababa (M)	E. Mga Posibleng Istratehiya sa Pagbabawas Iminumungkahing mga aksyon na gagawin para mabawasan ang panganib? Tandaan: Mga Solusyong BIPA Balaan, Ihiwalay, Palitan, Alisin (Warn, Isolate, Substitute, Eliminate)
<p>Pisikal</p> 	<p>Mayroon bang mga basa o hindi pantay na mga ibabaw?</p>			<p><i>(Mga mungkahi: Panatiliing malinis at tuyo ang mga sahig. Kung saan gumagamit ng mga basang proseso, panatilihin ang pag-agos at magbigay ng mga plataporma, mga hindi madulas na mat, o iba pang mga tuyong lugar na tatayuan. Magpaskil ng mga babala para markahan ang mga basa o hindi pantay na mga ibabaw. Gumamit ng hindi madulas na kasuotan sa paa. Alisin/harangan ang mga hindi pantay na ibabaw.)</i></p>
	<p>Mayroon bang anumang sobrang init o lamig sa negosyo?</p>			<p><i>(Mga mungkahi: Isaayos ang mga temperatura sa pagtatrabaho kung posible. Pagbutihin ang bentilasyon, magbigay ng maraming suplay ng malinis na inuming tubig, at/o magbigay ng pansamantalang pisikal na tirahan. Kahit sa trabaho sa labas, maaari pa ring ayusin ang mga oras ng pagtatrabaho para maiwasan ang pagtatrabaho sa mga pinakamainit/pinakamalamig na bahagi ng araw. Magbigay ng pamprotektang damit. Magbigay ng sapat na mga panahon ng pahinga</i></p>




<p>Pisikal</p> 				<i>kung saan nababawasan ang pagkakalantad.)</i>
	Mayroon bang mahinang pag-iilaw?			<i>(Mga mungkahi: Dagdagan ang natural na liwanag gamit ang matataas na bintana at skylight. Pagbutihin ang paraan ng pag-aayos ng ilaw at trabaho. Kulayan ang mga dingding at kisame ng maliwanag na kulay. Panatilihin ang mga ilaw.)</i>
	Mayroon bang anumang pagkakalantad sa mga kagat/sipa mula sa mga hayop sa bukid?			<i>(Mga mungkahi: Ituro ang kaligtasan sa hayop, ibig sabihin, huwag ilagay ang mga daliri sa bibig ng mga hayop, huwag lumapit mula sa likod o tumayo sa likod ng isang hayop.)</i>
	Mayroon bang anumang hindi ligtas na mga saksakan ng kuryente o mga wire na naroroon?			<i>(Mga mungkahi: Gumawa ng mga pagpapahusay sa kuryente sa negosyo. Tiyaking ang naaangkop na grounding ng mga de-koryenteng makinarya/kagamitan. Gumawa ng mga harang para mabawasan ang pag-access at paggamit ng mga bata sa mga saksakan at kable.</i>
	Mayroon bang anumang kagamitang de-kuryente o pamputol na naroroon/ginagamit sa negosyo?			<i>(Mga mungkahi: Markahan ang mga mapanganib na kagamitan, kasangkapan at suplay ng mga label ng babala at pagbibigay ng pagsasanay sa mga nasa hustong gulang sa wastong paggamit. Huwag pahintulutan ang mga bata na gumamit ng mga mapanganib na makina, instrumento, at sangkap. Bigyan ang mga bata ng mga kagamitang pangkamay na naaangkop sa edad at sinukat para magkasya sa kanila. Sanayin ang mga bata na gumamit ng mga makina at kasangkapan nang ligtas.)</i>
	Mayroon bang anumang pagkakalantad sa mga			<i>(Mungkahi: Panatilihin ang mga bata sa ligtas na distansya mula sa mga sasakyang umaandar.)</i>




	sasakyan o iba pang makinarya?			
	Mayroon bang anumang malakas, paulit-ulit na ingay o panginginig sa lugar ng negosyo?			<i>(Mga mungkahi: Paligiran ang makina. Gumawa ng sound barrier sa pagitan nito at ng sinumang naroroon. Magbigay ng mga kagamitang pang-proteksyon gaya ng mga ear plug.)</i>
	Ang gawain ba ay nagsasangkot ng anumang paulit-ulit na mga galaw?			<i>(Mga mungkahi: Bigyan ang mga manggagawa ng pagkakataong gumalaw at magpalit ng posisyon. Limitahan ang pagkakalantad ng mga bata at buntis sa paulit-ulit na trabaho.)</i>
	Mayroon bang pagbubuhat/pagdala ng mabibigat na kargada?			<i>(Mga mungkahi: Sanayin ang mga manggagawa na magbuhat ng mabibigat na bagay gamit ang kanilang mga paa o ibahagi ang pasanin sa ibang mga nakatatanda. Hatiin ang mga kargada sa mas maliliit na kargada. Gumamit ng mga cart at trolley para maglipat ng mabibigat na kargada. Tiyaking tama ang taas ng mga imbakang istante para sa mga bata. Huwag pagamitin ang mga bata ng mekanikal na kagamitan sa pagbuhat. Pigilan ang mga bata sa pagpasan ng mabibigat na kargada sa pamamagitan ng paghahati sa mga ito o ibahagi ang pasanin sa ibang tao, ibig sabihin, buhatin ng magkasama.)</i>
	Mayroon bang anumang paggamit ng hindi natural na postura?			<i>(Mga mungkahi: Magbigay ng mga footrest at plataporma para sa lahat ng manggagawang maliit. Bigyan ang mga bata ng pagkakataong gumalaw at magpalit ng posisyon. Maglagay ng mga kagamitan at kontrol para maabot ang mga ito nang hindi umiinat, bumabaluktot, o pinipilipit ang katawan.)</i>





<p style="text-align: center;">Kemikal</p> 	<p>Mayroon bang anumang potensyal na kontak sa biyolohikal na basura/mikrobyo at mga virus (hayop o halaman)?</p>			<p><i>(Mga mungkahi: Magbigay ng lugar para sa paghuhugas at pagpapalit para makapaghugas agad ang mga manggagawa pagkatapos hawakan ang mga hayop sa bukid, ang kanilang mga supply, o anumang bagay sa mga lugar kung saan sila nakatira at gumagala, gayundin bago at pagkatapos makipag-ugnayan sa mga kostumer para limitahan ang pagkalat ng mga sakit, tulad ng COVID-19. Huwag hayaan ang mga batang 5 taong gulang pababa na hawakan ang mga sisiw at buhay na manok o pato.)</i></p>
	<p>Mayroon bang anumang potensyal na pagkakalantad sa kakulangan ng kalinisan?</p>			<p><i>(Mga mungkahi: Isulong ang mabuting kalinisan. Maglaan ng lugar para sa paghuhugas at pagpapalit para hindi maiuwi ng mga manggagawa ang mga mapanganib na sangkap. Subaybayan ang paghuhugas ng kamay ng mga bata. Magbigay ng malinis na inuming tubig at kagamitan sa pansariling proteksyon, tulad ng mga mask, guwantes, at mga hand sanitizer. Partikular sa COVID-19: ilipat ang mga workstation sa labas kung saan may mas mahusay na bentilasyon, at magtrabaho para mapanatili ang hindi bababa sa 2 metro sa pagitan ng mga manggagawa at/o mga kostumer para sa epektibong social distancing.)</i></p>
	<p>Mayroon bang anumang potensyal na kontak sa mga nakakalasang kemikal?</p>			<p><i>(Mga mungkahi: Huwag payagan ang mga bata na maghalo, humawak, o gumamit ng mga mapanganib na kemikal. Itago ang mga nakalalason/mapanganib na kemikal sa isang ligtas na lugar. Palitan ang isang mapanganib na sangkap ng isang ligtas na sangkap.)</i></p>
	<p>Mayroon bang anumang potensyal na kontak sa mga solusyon sa paglilinis, tina, pestisidyo, o pataba?</p>			<p><i>(Mga mungkahi: Lagyan ng label ang mga lalagyan ng mga mapanganib na sangkap. Tiyaking ang mga hand sanitizer at iba pang solusyon sa paglilinis ng kamay ay naaprubahan ng mga lokal na departamento ng kalusugan at hindi nakakalason. Sanayin ang mga bata sa mga panganib na nauugnay sa paglilinis, at huwag silang payagang maghalo, humawak, o gumamit ng mga mapanganib na</i></p>




				<i>kemikal.)</i>
	Mayroon bang anumang potensyal na kontak sa mga alikabok ng pananim o mineral?			<i>(Mungkahi: Ang agrikultural o pambahay na alikabok ay maaaring basain at pagkatapos ay walisin para limitahan ang pagkakalantad. I-vacuum ang malalaking tumpok ng alikabok. Huwag pahintulutan lumapit ang mga bata sa mga alikabok ng mineral.)</i>
	Mayroon bang anumang potensyal na kontak sa usok o pasingawan o di sapat na bentilasyon?			<i>(Mungkahi: Siguruhing may bentilasyon. Ilipat ang pinagmumulan ng usok/singaw sa isang bukas na lugar. Bumili ng mga mas pinahusay na materyales, solar na lutuan, atbp. Ilipat ang mga workstation sa labas, kung posible, para limitahan ang pagkakalantad sa COVID-19. Paghigpitan ang pagkakalantad ng mga bata at paikutin ang mga nakatatandang manggagawang para limitahan ang pagkakalantad.)</i>
<p>Emosyonal</p> 	Mayroon bang anumang pagkakalantad ng mga manggagawa sa pang-aabuso (sekswal, pisikal, pinansyal, at emosyonal) o kahihyan?			<i>(Mga mungkahi: Tiyaking may sapat na ilaw sa buong lugar ng trabaho at walang nagtatrabaho nang mag-isa o malayo sa iba. Alamin kung paano mag-ulat at mag-log ng mga insidente ng mga pagbabanta o karahasan. Gumawa ng planong pangkaligtasan kapag nakikitungo sa mga hindi nasisiyahang kostumer o pagnanakaw. Alamin kung saan hihingi ng tulong sa pamamagitan ng paglalagay ng mga pang-emerhensiyang numero sa malapit na lugar. Alisin ang mga bata sa pagkakalantad/limitahan ang pakikipag-ugnayan sa mga kostumer. Ipakita ang positibong komunikasyon sa mga bata sa harap ng mga kostumer. Kausapin ang mga bata sa pana-panahon para matiyak na wala silang hinaharap na mga problema. Bantayan ang mga bata para makita ang mga pagbabago sa kanilang pag-uugali, kalooban, at motibasyon.)</i>



	Mayroon bang anumang pagkakalantad stress?			<i>(Mga mungkahi: Gumawa ng isang positibong kapaligiran sa trabaho. Pag-usapan at makipagsundo sa dami ng trabaho at bilis ng trabaho. Bigyan ang mga bata ng konting kontrol, ibig sabihin, kung saan uupo, kung kailan magpapahinga.)</i>
Paglago at Pag-unlad 	Ang may-ari ba ng negosyo o sinuman sa kanyang mga manggagawa ay buntis?			<i>(Mga mungkahi: Habang buntis, dapat limitahan ng mga kababaihan ang kanilang pagkakalantad sa mga kemikal.)</i>
	Ang isang buntis ba ay nagkakaroon ng kontak sa anumang kemikal, o nalantad ba siya sa anumang pisikal na banta na maaaring maglagay sa kanya o sa kanyang hindi pa isinisilang na anak sa panganib?			<i>(Mga mungkahi: Isaalang-alang ang paggamit ng ibang mga nakatatandang manggagawang para humawak ng mga kemikal habang ang isang babae ay buntis at nagpapasuso o magbigay ng PPE para mabawasan ang mga kemikal at/o pisikal na panganib, tulad ng mga guwantes, mask, helmet, kalasag, goggles, atbp., na tinitiyak na ang mga kagamitang ito ay nasa wastong sukat, at ang paggamit nito ay angkop sa panahon ng pagbubuntis/pagpapasuso.)</i>
Paglago at Pag-unlad 	Ang mga bata ba ay napapailalim sa mahahabang oras ng trabaho?			<i>(Mga mungkahi: Bawasan ang mga oras ng trabaho, hatiin ang trabaho ng bata sa maraming araw, o ilipat ang bahagi ng workload ng bata sa isang nakatatandang manggagawa para manatili sa loob ng ligtas at legal na mga limitasyon. Para sa mas matatandang mga bata na maaaring magtrabaho ng mas mahabang shift, magbigay ng hindi bababa sa isang sampung minutong break sa umaga at hapon at mas mahabang break sa tanghalian; magbigay ng ligtas na lugar para sa mga break.)</i>
	Mayroon bang mga			<i>(Mga mungkahi: Ilipat ang lahat o bahagi ng trabaho sa isang</i>



	<p>bata na may labis na responsibilidad (ibig sabihin, pag-aalaga sa mga sanggol o maliliit na bata, responsable para sa pera/mga aktibidad sa negosyo, atbp.)?</p>		<p><i>nakatatandang manggagawa. Tukuyin ang mga lokal na mapagkukunan na maaaring tumulong sa mga responsibilidad sa pangangalaga, tulad ng mga kooperatiba sa pangangalaga.)</i></p>
<p>Edukasyonal</p> 	<p>Mayroon bang mga batang wala pang ___ taong gulang (<i>Ipasok ang pinakamataas na hanay ng edad para sa sapolitang edukasyon, kadalasan ay edad 18</i>) na naroroon sa negosyo sa oras ng paaralan?</p>		<p><i>(Mga mungkahi: Ilipat ang oras ng trabaho para payagan ang mga bata na pumasok sa paaralan. Kung ang mga gawain ay kailangang gampanan sa oras ng pagpasok sa paaralan, ilipat ang trabaho sa isang nakatatandang manggagawa. Kung kailangan, tukuyin ang mga ligtas at naaangkop sa edad na gawain na maaaring gawin ng isang bata sa labas ng oras ng pag-aaral. Alamin ang mga programa ng gobyerno o mga lokal na serbisyo na maaaring sumuporta sa iyong sambahayan para panatilihin sa paaralan ang mga batang nasa edad ng pag-aaral, o suporta sa negosyo at mga institusyong pinansyal para mamuhunan sa pagbabayad ng mga nakatatandang manggagawang para sa trabahong ginagawa ng mga bata.)</i></p>
	<p>Depende sa edad ng bata, nagtatrabaho ba ang bata nang higit sa mga legal na pinapayagang limitasyon (hal. Higit sa 4 na oras sa isang araw para sa isang batang wala pang 15 taong gulang o higit sa</p>		<p><i>(Mga mungkahi: Bawasan ang bilang ng mga oras na nagtatrabaho ang mga bata para panatilihin silang nasa loob ng ligtas at legal na mga limitasyon, at para bigyan ang mga bata ng sapat na oras at pahinga para ganap na makilahok sa kanilang pag-aaral. Alamin ang mga programa ng gobyerno o mga lokal na serbisyo na maaaring sumuporta sa iyong sambahayan para panatilihin sa paaralan ang mga batang nasa edad ng pag-aaral, o suporta sa negosyo at mga institusyong pinansyal para mamuhunan sa pagbabayad ng mga nakatatandang manggagawang para sa trabahong ginagawa ng mga bata.)</i></p>



	8 oras para sa isang bata sa pagitan ng edad na 15-17)?			
--	---	--	--	--

MAHALAGA | Walang sinumang wala pang 18 taong gulang ang dapat magtrabaho sa sumusunod:

- matataas na istruktura (mga bubong, puno, dingding) o kagamitan kung saan maaari silang mahulog (hagdan, scaffolding, matarik na mga dalisdis)
- sa ilalim ng lupa (mga kuweba, lagusan, hukay) o sa ilalim ng tubig (pagsisisid, nakatayo sa tubig o sa mamasa-masang lupa nang higit sa ilang minuto)
- mga maliliit na espasyo (mga lagusan, kahon, refrigerator)
- nag-iisa at malayo sa iba, o nakahiwalay sa mga magulang, nakatatandang tagapag-alaga, o mga pinagkakatiwalaang nakatatanda
- pagbubuhat ng mabibigat na bagay o pagdadala ng mga kargada sa malalayong distansya
- nagpapatakbo o nagtatrabaho malapit sa mabibigat o mapanganib na makinarya, tulad ng mga kagamitang pumuputol o dumudurog, mga kagamitang de-motor o pinapagana ng isang makina, mga makina na maaaring umipit sa kamay, paa, buhok, o damit
- mahabang oras o sa gabi
- kasama ang o malapit sa mga nakalalasang kemikal
- mga lugar kung saan may panganib ng pag-atake papunta at ppauwi galing sa trabaho
- paghingi ng mabigat na responsibilidad para sa kaligtasan ng iba (tulad ng isang bata na nag-aalaga ng isang sanggol) o mga kalakal (tulad ng isang bata na nagbabantay sa isang negosyo habang wala ang nakatatanda)

Kung matukoy ang alinman sa mga kundisyong ito, agad na talakayin ang mga ito sa may-ari ng negosyo. Kung sa anumang oras ang isang bata ay nasa pisikal na panganib o nagpapakita ng mga senyales ng kawalan (hindi sapat na tulog, pagkain at pananamit), pananakot, o takot na hindi direktang matugunan sa may-ari ng negosyo, makipag-ugnayan sa: _____.



Plano ng Aksyon

Anong mga diskarte sa pagpapagaan ang maaaring ipatupad bilang resulta ng konsultasyon na ito?	Anong suporta, pagsasanay, o mapagkukunan ang kailangan para ganap na maipatupad ang mga estratehiyang ito?	Anong timeline ang kailangan para makita ang mga resulta?	Paano masusukat ang epekto o resulta ng mga estratehiyang ito?



Plano ng Aksyon

Anong mga diskarte sa pagpapagaan ang maaaring ipatupad bilang resulta ng konsultasyon na ito?	Anong suporta, pagsasanay, o mapagkukunan ang kailangan para ganap na maipatupad ang mga estratehiyang ito?	Anong timeline ang kailangan para makita ang mga resulta?	Paano masusukat ang epekto o resulta ng mga estratehiyang ito?
--	---	---	--

Kagamitan 2: Dayagnostiko ng Panganib ng Kaligtasan at Kalusugan ng Negosyo para sa mga Negosyante

Paglalarawan ng Proseso: Ang kagamitang ito ay idinisenyo para magamit ng mga kalahok para suportahan sila sa pagtukoy sa kaligtasan ng negosyo at mga panganib sa kalusugan na naroroon sa kanilang sariling negosyo. **Tandaan:** Pinapayuhan na kumpletuhin ng mga kalahok ang [RICHES Mapanganib na Negosyo: Kurikulum ng Gawing Ligtas ang Mga Negosyo para sa Lahat](#) bago gamitin ang kagamitang ito. Sa paggamit ng kurikulum, ang mga kalahok ay sinasanay para gumamit ng isang simpleng grapika ng isang kamay para masuri ang nakakapinsalang mga panganib para sa mga nakatatanda at bata sa mga lugar ng trabaho: Mula sa hinlalaki hanggang sa hinliliit, naaalala ng mga kalahok ang limang panganib: 1. Pisikal, 2. Kemikal, 3. Emosyonal, 4. Paglago at Pag-unlad, at 5. Edukasyonal.

Mga Kailangang Materyales: Hindi bababa sa 1 kopya sa bawat negosyong binisita ang dapat na i-print at ibigay sa kalahok.

Mga Hakbang:

- **Hakbang 1:** Magbahagi ng hindi bababa sa 1 kopya ng dayagnostikong kagamitan na ito sa bawat kalahok.
- **Hakbang 2:** Basahin o ipasangguni sa kalahok ang mga tagubilin sa dayagnostikong kagamitan. Hikayatin silang isama ang kanilang mga anak o mga mahal sa buhay o makisali sa negosyo para makumpleto ang dayagnostiko.

Kailangang Oras: Humigit-kumulang 30 minuto.

Mga Kailangang Pag-aangkop: Walang mga adaptasyon na kailangan.

Mga Nagtutulak sa Gastos sa Paggamit ng Kagamitan: Ang pangunahing nagtutulak ng gastos mula sa paggamit ng kagamitang ito ay ang oras ng kawani para magbahagi sa mga kalahok, at ang oras ng kalahok para makumpleto ang pagsusuri.

Mga Panganib na Isasaalang-alang: Pag-iingat: Ang paggamit ng kagamitang ito ay hindi para maging parusa at dapat gamitin para mapadali ang pakikipag-usap sa kalahok para matukoy ang simple at mas kumplikadong mga pagpapabuti sa negosyo para mabawasan ang mga panganib ng pinsala para sa lahat ng kasangkot (o naroroon) sa o nasa negosyo. Ang paggamit ng kagamitang ito, kung hindi maayos na pinadali o



Plano ng Aksyon

Anong mga diskarte sa pagpapagaan ang maaaring ipatupad bilang resulta ng konsultasyon na ito?	Anong suporta, pagsasanay, o mapagkukunan ang kailangan para ganap na maipatupad ang mga estratehiyang ito?	Anong timeline ang kailangan para makita ang mga resulta?	Paano masusukat ang epekto o resulta ng mga estratehiyang ito?
--	---	---	--

pinakilala, ay maaaring maging sanhi para makaramdam ang isang kalahok ng konsiyensya tungkol sa isang sitwasyon na hindi madaling baguhin. Ang mga frontline na kawani na nangangasiwa sa kagamitang ito ay dapat na maging handa para suportahan ang kalahok kung saan posible, sa pamamagitan ng pag-aalok ng pagsasanay, mga partikular na serbisyong pinansyal na maaaring magamit para makatulong na gumawa ng mga pagpapabuti sa kaligtasan ng negosyo, o sa pamamagitan ng pag-uugnay sa kalahok sa iba pang lokal na mapagkukunan.

Mga wika: Ingles, Espanyol, Pilipino, at Pranses.



Dayagnostiko ng Panganib ng Kaligtasan at Kalusugan ng Negosyo para sa mga Negosyante

TANDAAN: Mayroong 5 mapaminsalang uri ng panganib sa ating mga negosyo: (1) pisikal, (2) kemikal, (3) emosyonal, (4) paglaki at pag-unlad, at (5) edukasyonal.

Mga Tagubilin

Hakbang 1: Tingnan ang iyong negosyo gamit ang *iyong sariling* mga mata. Anong mga panganib ang nakikita mo? Tingnan ang iyong negosyo gamit ang mga mata ng *iyong anak*. Anong mga panganib ang nakikita mo? Ano ang maaari niyong gawin para mabawasan ang mga panganib sa kaligtasan at kalusugan ng negosyo para sa inyong sarili, sa inyong mga empleyado, at sa inyong mga anak?

Hakbang 2: Tandaan ang inyong mga alalahanin at posibleng mga aksyon na maaari niyong gawin para mabawasan ang mga panganib sa kaligtasan at kalusugan ng negosyo. Maaari niyong piliing gawin ito kasama ang inyong mga anak na naroroon at isali sila sa ehersisyo.






Hakbang 3: Ipahiwatig kung aling mga banta ang pinakamahalagang priyoridad, o ang mga pinakagusto mong tugunan para mapataas ang kaligtasan. Ano ang pinakamalaking panganib na natukoy ninyo sa inyong mga anak—ano ang maaari niyong gawin tungkol dito? Anong suporta ang kailangan ninyo para mapabuti ang mga kondisyon sa pagtatrabaho sa inyong negosyo? Markahan ang mga ito bilang "Mataas," "Katamtaman," o "Mababa." Kung saan ang "Mataas" ay kumakatawan sa pinakamapanganib at pinakamataas na posibilidad na mangyari, ang "Katamtaman" ay kumakatawan sa katamtamang panganib at posibilidad na mangyari, at ang "Mababa" ay kumakatawan sa limitadong panganib o madalang na posibilidad na mangyari.

Hakbang 4: Ano ang isang bagay na magagawa ninyo para mas maprotektahan ang inyong sarili at ang inyong mga anak habang nagtatrabaho kayo? Sa hanay na “Gagawin ko...” itala ang mga konkretong hakbang na plano mong gawin. **TANDAAN** ang salitang **BIPA** para sa pagtukoy ng **mga diskarte sa pagpapagaan para matugunan ang mga panganib: Warn, Isolate, Substitute, Eliminate (Balaan, Ihiwalay, Palitan, Tanggalin).**

- **Balaan:** Makipag-usap tungkol sa, sanayin, at pangasiwaan ang mga nagtatrabaho o naroroon sa inyong negosyo para maiwasan ang mga panganib.
- **Ihiwalay:** Limitahan ang pagkakalantad sa panganib (ibig sabihin, sa paggawa ng isang hadlang para mabawasan ang pagkakalantad sa panganib o sa paglilimita sa dami ng oras o panahon ng araw kung kailan ginagawa ng isang tao ang mga gawain).
- **Palitan:** Palitan ang gawain ng ibang gawain.
- **Tanggalin:** Itigil na lamang ang gawain.

Gabay sa Business Diagnostics ng RICHES



Grapika	Uri ng Panganib	Mga Alalahanin Anong mga alalahanin ang nakikita ko?	Mga Posibleng Istratehiya sa Pagbabawas Anong mga posibleng aksyon ang maaari kong gawin para mabawasan ang panganib?	Priyoridad (Mataas, Katamtaman, Mababa)	Gagawin ko... Anong mga konkretong hakbang ang plano kong gawin? Tandaan ang BIPA.
	Pisikal				
	Kemikal				
	Emosyonal				
	Paglago at Pag-unlad				
	Edukasyonal				



Kagamitan 3: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Mga Negosyante – Grapika Lamang

Paglalarawan ng Proseso: Ang kagamitang ito ay idinisenyo para magamit ng mga kalahok para suportahan sila sa pagtukoy sa kaligtasan ng negosyo at mga panganib sa kalusugan na naroroon sa kanilang sariling negosyo. **Tandaan:** Pinapayuhan na kumpletuhin ng mga kalahok ang [RICHES Mapanganib na Negosyo: Kurikulum ng Gawing Ligtas ang Mga Negosyo para sa Lahat](#) bago gamitin ang kagamitang ito (sa pamamagitan ng pagsasanay na ibinigay ng frontline-level na kawani o paggamit ng digital na kurikulum). Sa paggamit ng kurikulum, ang mga kalahok ay sinasanay para gumamit ng isang simpleng grapika ng isang kamay para masuri ang nakakapinsalang mga panganib para sa mga nakatatanda at bata sa mga lugar ng trabaho: Mula sa hinlalaki hanggang sa hinliliit, naaalala ng mga kalahok ang limang panganib: 1. Pisikal, 2. Kemikal, 3. Emosyonal, 4. Paglago at Pag-unlad, at 5. Edukasyonal. Sa papel na bersyon ng curriculum, Technical Learning Conversation (TLC) 1: Pagkilala sa 5 Mga Panganib sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho, TLC 2: Pagkilala sa Mapanganib na Trabaho Gamit ang tatlong (3) D, at TLC 3: Ang paggamit ng BIPA Solutions para Matugunan ang Mapanganib na Trabaho, ay ang pinaka-nauugnay para sanayin ang mga kalahok kung paano matukoy ang mga panganib at pagaanin ang mga ito. Ang lahat ng mga sesyon mula sa digital na bersyon ay dapat gamitin nang direkta ng mga kalahok o pangasiwaan ng frontline-level na kawani.

Mga Kailangang Materyales: Hindi bababa sa 1 kopya sa bawat negosyong binisita ang dapat na i-print at ibigay sa kalahok.

Mga Hakbang:

- **Hakbang 1:** Magbahagi ng hindi bababa sa 1 kopya ng dayagnostikong kagamitan sa bawat kalahok.
- **Hakbang 2:** Ipaalala sa mga kalahok ang limang mapaminsalang uri ng mga panganib para sa mga nasa hustong gulang at bata sa mga lugar ng trabaho: 1. Pisikal, 2. Kemikal, 3. Emosyonal, 4. Paglago at Pag-unlad, at 5. Edukasyonal sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga larawan sa kamay. Kung gagamitin ito nang hiwalay sa Kurikulum ng Mapanganib na Negosyo, gamitin ang Technical Learning Conversation (TLC) 1: Pagkilala sa 5 Mga Panganib sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho, TLC 2: Pagkilala sa Mapanganib na Trabaho Gamit ang tatlong (3) D, at TLC 3: Gamitin ang BIPA Solutions para Matugunan ang Mapanganib na Trabaho, o lahat ng mga digital na sesyon ng Mapanganib na Trabaho para sanayin ang mga kalahok kung paano matukoy ang mga panganib at pagaanin ang mga ito.

Kailangang Oras: Humigit-kumulang 5 minuto.

Mga Kailangang Pag-aangkop: Walang inaasahang mga pag-aangkop.

Mga Nagtutulak sa Gastos sa Paggamit ng Kagamitan: Ang oras at badyet ng staff ang pangunahing nagtutulak sa gastos sa paggamit ng gabay na ito para magsagawa ng mga dayalogo.

Mga Panganib na Isasaalang-alang: Mag-ingat | Ang paggamit ng kagamitang ito ay hindi para maging parusa at dapat gamitin para mapadali ang pakikipag-usap sa kalahok para matukoy ang simple at mas kumplikadong mga pagpapabuti sa negosyo para mabawasan ang mga panganib ng pinsala sa lahat ng kasangkot (o naroroon) sa o nasa negosyo. Ang paggamit ng kagamitang ito, kung hindi maayos na



pinadali o pinakilala, ay maaaring maging sanhi para makaramdam ang isang kalahok ng konsiyensya tungkol sa isang sitwasyon na hindi madaling baguhin. Ang mga frontline na kawani na nangangasiwa sa kagamitang ito ay dapat na maging handa para suportahan ang kalahok kung saan posible, sa pamamagitan ng pag-aalok ng pagsasanay, mga partikular na serbisyong pinansyal na maaaring magamit para makatulong na gumawa ng mga pagpapabuti sa kaligtasan ng negosyo, o sa pamamagitan ng pag-uugnay sa kalahok sa iba pang lokal na mapagkukunan.

Mga wika: Hindi kailangan ng pagsasalin.





Kagamitan 4: Kaligtasan ng Negosyo at Dayagnostiko ng Panganib sa Kalusugan para sa Mga Negosyante – Bersyong Digital

Paglalarawan ng Proseso: Ang kagamitang ito ay idinisenyo para magamit ng mga kalahok para suportahan sila sa pagtukoy sa kaligtasan ng negosyo at mga panganib sa kalusugan na naroroon sa kanilang sariling negosyo. Sa kasalukuyan, ang kagamitan ay hindi nangongolekta ng anumang data ngunit tumutulong sa isang kalahok (o frontline-level na kawani kung ginagamit nila ang tool na ito bilang tulong sa trabaho) para matukoy ang mga panganib at maunawaan kung paano pagaanin ang mga ito.

Tandaan: Pinapayuhan na kumpletuhin ng mga kalahok ang [RICHES Mapanganib na Negosyo: Kurikulum ng Gawing Ligtas ang Mga Negosyo para sa Lahat](#) bago gamitin ang kagamitang ito (sa pamamagitan ng pagsasanay na ibinigay ng frontline-level na kawani o paggamit ng digital na kurikulum). Sa paggamit ng kurikulum, ang mga kalahok ay sinasanay para gumamit ng isang simpleng grapika ng isang kamay para masuri ang nakakapinsalang mga panganib para sa mga nakatatanda at bata sa mga lugar ng trabaho: Mula sa hinlalaki hanggang sa hinliliit, naaalala ng mga kalahok ang limang panganib: 1. Pisikal, 2. Kemikal, 3. Emosyonal, 4. Paglago at Pag-unlad, at 5. Edukasyonal. Sa papel na bersyon ng kurikulum, Technical Learning Conversation (TLC) 1: Pagkilala sa 5 Mga Panganib sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho, TLC 2: Pagkilala sa Mapanganib na Trabaho Gamit ang tatlong (3) D, at TLC 3: Ang paggamit ng BIPA Solutions para Matugunan ang Mapanganib na Trabaho, ay ang pinakanauugnay para sanayin ang mga kalahok kung paano matukoy ang mga panganib at pagaanin ang mga ito. Ang lahat ng mga sesyon mula sa digital na bersyon ay dapat gamitin nang direkta ng mga kalahok o pangasiwaan ng frontline-level na kawani.

Mga Kailangang Materyales: Ibahagi ang link sa digital na kasangkapan sa mga kalahok, sa pamamagitan ng email, SMS, o iba pang digital na paraan. Ang link ay matatagpuan dito: [App sa Dayagnostiko ng Negosyo ng RICHES](#).

Mga Hakbang:

- **Hakbang 1:** Ibahagi ang link sa digital na kasangkapan sa bawat kalahok.
- **Hakbang 2:** Ang unang screen na dapat nilang makita ay nangangailangan sa kanila na piliin ang kanilang Bansa, Kasarian, Edad, at Uri ng Negosyo mula sa isang drop-down na menu. Bago i-click ang "Simulan ang Pagsusuri" maaaring suriin ng kalahok ang mga uri ng mga diskarte sa pagpapagaan na nauugnay sa salitang BIPA: Warn, Isolate, Substitute and Eliminate (Balaan, Ihiwalay, Palitan, Tanggalin), at ang kanilang mga kahulugan. Para mag-navigate sa mga salita, mag-click sa maliliit na icon sa ilalim ng puting kahon. Pagkatapos, i-click ang "Simulan ang Pagsusuri".
- **Hakbang 3:** Ipaalam sa mga kalahok na may kabuuang 25 tanong na tumutugma sa limang panganib sa kaligtasan at kalusugan ng negosyo para sa mga nakatatanda at bata sa mga lugar ng trabaho: 1. Pisikal, 2. Kemikal, 3. Emosyonal, 4. Paglago at Pag-unlad, at 5. Edukasyonal.
- **Hakbang 4:** Dapat gamitin ng mga kalahok ang mga tanong para gabayan ang pagsusuri ng kanilang negosyo. Kung "Oo" ang sagot nila sa tanong, ang isang "Mungkahi" kung paano



pagaanin o alisin ang panganib ay ibinibigay. Pagkatapos kumpletuhin ang bawat tanong, dapat nilang i-click ang "Sunod." Maaari rin nilang i-click ang "Bumalik" para bumalik. Maaari nilang gamitin ang tool na ito nang paulit-ulit para matukoy ang mga panganib at maghanap ng mga ideya para mabawasan ang mga panganib na iyon.

Kailangang Oras: Humigit-kumulang 10 minuto.

Mga Kailangang Pag-aangkop: Walang inaasahang mga pag-aangkop.

Mga Nagtutulak sa Gastos sa Paggamit ng Kagamitan: Ang pangunahing nagtutulak ng gastos para gamitin ang tool na ito ay sa pagbabahagi nito (mga gastos para sa pagpapadala sa pamamagitan ng SMS o iba pang digital na paraan) at ang mga gastos sa data na natamo ng kalahok.

Mga Panganib na Isasaalang-alang: Pag-iingat: Ang paggamit ng kagamitang ito ay hindi para maging parusa at dapat gamitin para mapadali ang pakikipag-usap sa kalahok para matukoy ang simple at mas kumplikadong mga pagpapabuti sa negosyo para mabawasan ang mga panganib ng pinsala sa lahat ng kasangkot (o naroroon) sa o sa negosyo. Ang paggamit ng kagamitang ito, kung hindi maayos na pinadali o pinakilala, ay maaaring maging sanhi para makaramdam ang isang kalahok ng konsiyensya tungkol sa isang sitwasyon na hindi madaling baguhin. Ang mga frontline na kawani na nangangasiwa sa kagamitang ito ay dapat na maging handa para suportahan ang kalahok kung saan posible, sa pamamagitan ng pag-aalok ng pagsasanay, mga partikular na serbisyong pinansyal na maaaring magamit para makatulong na gumawa ng mga pagpapabuti sa kaligtasan ng negosyo, o sa pamamagitan ng pag-uugnay sa kalahok sa iba pang lokal na mapagkukunan.

Mga wika: Ang kagamitang ito ay binuo gamit ang teknolohiya ng Google; samakatuwid, makikita ng Google ang IPS address ng user at magmumungkahi ng pagsasalin.



Mga Annex

Mga Karagdagang Mapagkukunan

Ayon sa International Labor Organization ([ILO](#)), ang mga panganib sa trabaho para sa mga kabataan ay binubuo ng kaligtasan, pisikal, ergonomiko, biyolohikal, kemikal, at sikolohikal. Ang mga kategoryang ginamit ng RICHES ay nakamapa sa mga kategoryang iyon (tingnan ang Larawan 2 sa ibaba). Bilang karagdagan, ang ILO ay nagtatala ng mga pangunahing salik sa panganib na partikular sa mga kabataang manggagawa, tulad ng kanilang yugto ng pisikal, sikososyal, at emosyonal na pag-unlad, mga cross-cutting na isyu tulad ng kanilang kasarian, pagkakaroon ng mga kapansanan o kanilang katayuan sa migrasyon ay maaaring matukoy ang uri ng trabahong pinapayagan silang gawin, at mga kasanayan sa trabaho at karanasan sa trabaho na sa karaniwang ay limitado. Ang isa pang mahalagang panganib ay ang antas ng edukasyon ng kabataan na gumaganap ng mahalagang papel sa kanilang kakayahang lumipat sa matatag at disenteng trabaho pati na rin ang kanilang antas ng kamalayan sa mga panganib sa negosyo na maaaring pigilan ang pinsala o pagkakasakit.

Ang tool na ito ay inangkop mula sa ilang mga kasalukuyang mapagkukunan:

- Ang manwal ng proyektong [Pagsusuri at Pagbabawas ng Panganib sa Lugar ng Trabaho](#) ng Promoting and Protection the Interests of Children who Work (PPIC-Work)
- Ang [Kaligtasan at Kalusugan ng mga Batang Manggagawang](#) International Labour Organization
- Ang International Labor Organization, [Ligtas na Trabaho para sa Kabataan - Pakete para sa Mga Tagapag-empelyo "Panatilihin silang Ligtas!" - Mga Tip para sa Mga May-ari ng Maliit na Negosyo; Malusog na Simula: Manwal ng Gabay sa Ligtas na Pagbubuntis sa Trabaho; at Ang Tripartite na Proseso ng Pagtukoy sa Mapanganib na Paggawa ng Bata - Gabay para sa Mga Facilitator.](#)
- Ang Departamento ng Paggawa ng Estados Unidos, Paglalathala ng Pangangasiwa sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho sa [Mga Panganib sa Lugar ng Trabaho para sa mga Kabataang Manggagawa.](#)
- The Center for Disease Control and Prevention, gabay para sa [Malusog na Mga Alagang Hayop, Malusog na Mga Tao.](#)
- Ang publikasyon ng World Health Organization sa [Malusog na Lugar ng Trabaho: isang Modelo para sa Pagkilos - Para sa Mga Tagapag-empelyo, Manggagawa, Tagagawa ng Patakarang Propesyonal.](#)
- Ang [International Labor Organization, Isang Ligtas at Malusog na Pagbabalik sa Trabaho Sa Panahon ng Pandemyang COVID-19.](#)



Inilalarawan ng talahanayan sa ibaba ang mga uri ng mga panganib na ginagamit ng ILO kumpara sa mga sukat na ibinabahagi sa mga kagamitan ng RICHES:

Larawan 2. Mapa ng Mga Kategorya ng Panganib sa Mga Kategorya ng ILO ng RICHES

	Mga Kategorya ng ILO	Mga Kategorya ng RICHES
Mga Panganib sa Trabaho	Kaligtasan Pisikal Ergonomiko	Pisikal
	Biyolohikal Kemikal	Kemikal
	Sikolohikal	Emosyonal
Mga Panganib na Salik na Partikular sa Mga Kabataang Manggagawa	Yugto ng pisikal na pag-unlad Yugto ng sikososyal at emosyonal na pag-unlad Mga isyu sa cross cutting (kasarian, kapansanan, katayuan sa mograsyon, atbp.) Mga kasanayan at karanasan sa trabaho	Paglago at Pag-unlad
	Antas ng edukasyon	Edukasyonal

Mga Acronym at Glosaryo ng Mga Termino

Acronym	Kahulugan
ABA ROLI	American Bar Association - Rule of Law Initiative (Asosasyon ng Bar ng Amerika - Inisyatiba ng Panuntunan ng Batas)
ILAB	Bureau of International Labor Affairs (Kawanihan ng Paggawa ng US)
ILO	International Labor Organization (Pandaigdigang Samahan ng Paggawa)
NGO	Non-Governmental Organization (Organisasyong Hindi Gobyerno)
OCFT	Office of Child Labor, Forced Labor, and Human Trafficking (Opisina ng PAGtatrabaho ng bata, Sapilitang Paggawa, at Human Trafficking)
OSHA	Occupational Safety and Health Administration (Pangangasiwa sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho)
PPE	Personal Protection Equipment (Personal na Kagamitan sa Proteksyon)
PPIC-Work	The Promoting and Protecting Interests of Children Who Work project (Ang proyektong Pag-promote at Pagprotekta sa mga Interes ng mga Batang Nagtatrabaho)
RICHES	Reducing Incidence of Child Labor and Harmful Conditions of Work in Economic Strengthening Initiatives (Pagbabawas ng Insidente ng Pagtatrabaho ng Bata at Nakakapinsalang Mga Kondisyon ng Trabaho sa Mga Inisyatiba sa Pagpapalakas ng Ekonomiya)



USDOL	U.S. Department of Labor (Kagawaran ng Paggawa ng U.S.)
WEE	Women’s Economic Empowerment (Pagpapalakas sa Ekonomiya ng Kababaihan)
BIPA	Warn, Isolate, Substitute, Eliminate (Balaan, Ihiwalay, Palitan, Tanggalin)

Termino	Kahulugan
Pagtatrabaho ng Bata	Mga gawaing bahay at mga anyo ng legal na trabaho, kabilang ang magaan na trabaho. Ang ganitong uri ng trabaho ay hindi nakakasagabal sa pag-aaral. Ayon sa mga internasyonal na pamantayan, ang pinakamababang edad na magtrabaho ay 14 o 15, depende sa bansa, dahil may mas mababang minimum na edad na magtrabaho ang ilang umuunlad na bansa.
Nakakapinsalang Pagtatrabaho ng Bata (Child Labor)	Ang nakakapinsalang pagtatrabaho ng mga bata, o child labor, ay kahit anong trabaho na humahadlang sa pag-unlad ng isang bata at trabaho na: a) pisikal, mental, o moral na mapanganib at nakakapinsala sa mga bata; at b) nakakasagabal sa pag-aaral ng bata. Ang terminong nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata ay ginagamit din nang palitan sa nakakapinsalang pagtatrabaho para sa mga bata o child labor . Tinutukoy din ng Toolkit ng RICHES ang nakakapinsalang trabaho ng bata bilang anumang trabaho na Mahirap, Mapanganib, o Marumi (kilala rin bilang 3 Ds).
Mapanganib na Trabaho sa Mga Adulto (Hindi Katanggap-tanggap na Kundisyon ng Trabaho o UACW)	Kahit anong kondisyon ng trabaho na itinuturing na nakakasama, tulad ng sahod na hindi nagbibigay ng disentang pamumuhay sa mga manggagawa at sa kanilang pamilya, mga oras ng trabaho na lumalampas sa walong oras sa isang araw/48 oras kada linggo, at pangit na mga kondisyon sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Pinaka-naroroon ang mga nakakapinsalang kondisyon sa pagtatrabaho sa impormal na sektor , kung saan maraming negosyong pinapatakbo ng babae ang pinatatakbo, mahinang trabaho , gaya ng de-kontratang trabaho at trabaho sa mga kapaligiran na kulang o may limitadong legal na proteksyon, sa sapilitang paggawa , na siyang pinaka-grabeng anyo ng trabaho at partikular na karaniwan sa gawaing bahay, konstruksyon, at pagmamanupaktura, agrikultura, hortikultura, at sa industriya ng hospitalidad at seks, o walang katiyakang trabaho , na kinabibilangan ng hindi matatag na sitwasyon sa trabaho gaya ng pansamantala at/o impormal na trabaho gaya ng sektor ng gawaing pangangalaga sa tahanan, sektor ng paglilinis, trabaho sa kusina, trabaho sa pamilihan, at pagmamanupaktura.
Frontline na antas na Kawani	Ang mga frontline na antas ng kawani ay tumutukoy sa mga tauhan ng Aktor ng WEE na nagtatrabaho nang direkta sa mga kababaihan para tumulong na makamit ang mga layunin ng WEE at pangunahing nakabatay sa antas ng larangan. Ang mga frontline na antas na kawani ay maaaring mga tagapagsanay, ahente ng komunidad, mga opisyal ng kredito, manggagawang panlipunan, mga ahente sa pagpapalawig ng



	<p>agrikultura, bukod sa iba pa.</p>
<p>Mga kalahok</p>	<p>Ang Mga Kalahok ay tumutukoy sa mga kababaihan na tumatanggap ng mga serbisyong ibinigay ng mga Aktor ng WEE. Ang mga kalahok ay maaaring mga babaeng naninirahan sa papaunlad na ekonomiya na nagmamay-ari ng mga negosyo, nakikibahagi sa mga aktibidad sa kabuhayan, mga kliyente ng mga tagapagbigay ng serbisyong pinansyal, o lumahok sa mga pagsasanay para pataasin ang kanilang access sa mga pagkakataong pang-ekonomiya. Depende sa aktor ng WEE, maaari rin silang tawagin bilang mga kliyente, benepisyaryo, o miyembro.</p>
<p>RICHES Toolkit</p>	<p>Isang koleksyon ng mga kagamitan na naglalayong suriin ang mga panganib ng, itaas ang kamalayan tungkol sa, at pagaanin ang mga panganib ng child labor at nakakapinsalang gawi sa pagtatrabaho sa mga aktor ng women’s economic empowerment (WEE) at ng kanilang mga kalahok. Kasama sa toolkit ng RICHES ang: isang online na portal para sa pag-access sa toolkit, mga pagsusuri ng panganib at mga dayagnostiko para sa pagsusuri ng mga panganib ng child labor at nakakapinsalang mga kasanayan sa negosyo, pananaliksik sa merkado at mga kagamitan sa pagsubaybay at pagsusuri, kurikulum na nakabatay sa diyalogo na nakabatay sa papel at nakabatay sa video, pamamahala at pagsasanay ng kawani sa antas ng frontline, mga gabay para sa pag-uugnay sa mga organisasyon ng proteksyon ng bata at pagpapadali sa mga diyalogo sa loob ng sambahayan at komunidad.</p>
<p>Women’s Economic Empowerment (WEE) (Pagpapalakas ng Ekonomiya ng Kababaihan)</p>	<p>Ang pagpapalakas ng ekonomiya ng kababaihan ay isang proseso kung saan pinapataas ng kababaihan ang kanilang kapangyarihan para magtagumpay bilang pantay at aktibong kalahok sa ekonomiya. Kasama rito ang pinahusay na access at kontrol ng kababaihan sa mga mapagkukunan ng tao, ekonomiko, at panlipunan (kapangyarihan sa); indibidwal na ahensya na gumawa ng mga independiyenteng desisyon na makikinabang ang kanilang sarili, kanilang mga pamilya, komunidad, at mga bansa (kapangyarihan na); mga personal na ari-arian, kabilang ang kaalaman, kasanayan, tiwala sa sarili, katatagan, at kakayahang kumuha at pamahalaan ang panganib (kapangyarihan sa loob); at mga kolektibong asset, gaya ng mga serbisyo ng suporta at network (kapangyarihan sa). Ang pagpapalakas ng ekonomiya ng kababaihan ay kritikal sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, pagbabawas ng kahirapan, paglago ng ekonomiya, at iba pang napapanatiling layunin ng pag-unlad.</p>



<p>Aktor o Inisyatibo ng Women's Economic Empowerment (WEE)</p>	<p>Malawakang tumutukoy sa mga entidad o indibidwal na sumusuporta sa pagpapaunlad o pagpapalawak ng mga negosyo ng kababaihan, nagbibigay ng kabuhayan o mga serbisyong pinansyal, at/o sumusuporta sa kababaihan (sa buong mundo) sa mga pagsisikap na pataasin ang kanilang access sa mga oportunidad sa ekonomiya, lalo na ang mga naninirahan sa papaunlad na ekonomiya. Ang mga Aktor ng WEE ay maaaring mga institusyong microfinance, mga organisasyong sumusuporta sa savings group, mga non-government na organisasyon, mga donor, mamumuhunan, o mga programa ng pamahalaan.</p>
---	---



Mga Pagkilala

Ang gabay na ito ay binuo ni Bobbi Gray na may suporta mula kay Alison Bardsley, si Amelia Kuklewicz ng Grameen Foundation at sina Chris Camillo at Deepa Ramesh ng American Bar Association Rule of Law Initiative (ABA ROLI) na may pondo mula sa Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos. Si Samuel Ntow ng Grameen Foundation ang dumisenyo ng digital na kagamitan sa Dayagnostiko ng Negosyo. Ang mga larawan ay dinisenyo nina Lorraine Harris Randle at Dede Mulyana; ang mga grapika ay dinisenyo nina Lilli Beth Gelvezon, independiyenteng tagapayo, at Jenna Smith ng Grameen Foundation. Ang pangwakas na pag-edit ay ginawa ni Jenna Smith.

Ang pangkat ay nagpapasalamat kay Sarah Sunderlin Simpson ng Office of Child Labor, Forced Labor, and Human Trafficking (OCFT) sa kanyang direksyon, pag-edit, input ng disenyo, at suporta sa panahon ng pagbuo ng kagamitang ito. Nagpapasalamat din ang pangkat sa maraming kawani ng OCFT na naglaan ng oras para suriin ang mga draft at nagbigay ng suporta sa disenyo at pag-edit, kasama sina Kristen Pancio, Alexander Billings, at Tanya Shugar.

Sa pagtatapos, ipinaaabot ng pangkat ang aming matinding pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pag-aayos at paglahok sa mga pilot na pagsasanay at mga kaganapan sa pag-aaral, lalo na para sa kanilang mga malikhaing ideya, rekomendasyon, at suhestiyon na nakatulong sa paggabay sa pagpipino ng kagamitang ito. Sa partikular, nais ng pangkat na kilalanin ang mga sumusunod na indibidwal:

- Johanna Ryan, Vision Fund International;
- Jennifer Denomy, Mennonite Economic Development Associates (MEDA);
- Edgar Aguilar Paucar and Patricia Richter, International Labour Organization (ILO);
- Anna Kanze, Grassroots Capital;
- Glenn Anciano, Community Economic Ventures, Inc. (CEVI), Pilipinas;
- Hans Kevin Madanguit, SPARK, Philippines;
- DTI: Bureau of Small and Medium Enterprise Development;
- FUNDAZUCAR;
- Adetunji Afolabi, Nigerian Microfinance Platform;
- Abel Oveneri, LAPO Microfinance Bank, Nigeria;
- Kenneth Okakwu, LAPO Institute for Microfinance and Enterprise Development, Nigeria.



Ang “RICHES Making the Case Presentation” nina Bobbi Gray, Amelia Kuklewicz, Chris Camillo at Deepa Ramesh ng proyektong RICHES na pinondohan ng U.S. Department of Labor, sa pangunguna ng grantee na Grameen Foundation USA katuwang ang sub award na American Bar Association Rule of Law Initiative na lisensyado sa ilalim ng [CC BY 4.0](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/). Sa pamamagitan ng lisensyang Creative Commons na ito, hinihikayat kang paghalu-haluin, baguhin at bumuo mula sa materyal na ito.

Para banggitin ang gawaing ito, iminumungkahi namin ang sumusunod na pagbanggit:



Gray B, Bardsley A, Kuklewicz A, Camillo C, Ramesh D. (2021). Gabay sa Business Diagnostics ng RICHES. Grameen Foundation and American Bar Association Rule of Law Initiative.

<https://grameenfoundation.org/riches/riches-toolkit/business-diagnostics-guide>

Kung iniangkop ang gawaing ito sa pribado o komersyal na paggamit, hinihikayat namin ang sumusunod na pagkilala:

Ang gawang ito, "[*PANGALAN NG IYONG DERIBATIBO/PAG-AANGKIN*]" ay deribatibo ng "[Gabay sa Business Diagnostics ng RICHES](#)" na lisensyado sa ilalim ng [CC BY 4.0](#) binuo nina Dorothy Mae Albiento, Deepa Ramesh, at Amelia Kuklewicz ng RICHES project na pinondohan ng US Department of Labor, Office of Child Labor, Forced Labor and Human Trafficking, na pinamumunuan ng grantee na [Grameen Foundation USA](#) sa pakikipagtulungan sa sub award ang [American Bar Association Rule of Law Initiative](#). Hindi kinakailangang sumasalamin sa mga pananaw o patakaran ng Departamento ng Paggawa ng Estados Unidos ang materyal na ito, ni nagpapahiwatig ng pag-endorso ng Pamahalaan ng Estados Unidos ang pagbanggit ng mga pangalan ng kalakalan, komersyal na produkto, o organisasyon. Hindi rin nagmumungkahi ang materyal na ito ng pag-endorso ng Grameen Foundation USA o ng American Bar Association Rule of Law Initiative.